Paggamot sa Araw, Rehabilitasyon sa Araw, Mga Serbisyo ng Therapy sa Pag-uugali, at Therapeutic Foster Care. Maaari mong tanungin ang plano sa kalusugan ng isip para sa karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng paunang awtorisasyon nito. Tawagan ang iyong plano sa kalusugan ng isip para humiling ng karagdagang impormasyon.

Ang plano sa kalusugan ng isip ay dapat gumamit ng isang kwalipikadong propesyonal para gawin ang pagsusuri para sa awtorisasyon sa serbisyo. Ang proseso ng pagsusuri na ito ay tinatawag na paunang awtorisasyon ng mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip. Ang proseso ng awtorisasyon ng plano sa kalusugan ng isip ay dapat sumunod sa mga partikular na timeline. Para sa isang karaniwang paunang awtorisasyon, ang plano sa kalusugan ng isip ay dapat magpasya batay sa kahilingan ng iyong provider ng serbisyo sa lalong madaling panahon na kinakailangan ng iyong kondisyon, ngunit hindi lalampas sa limang araw ng negosyo mula nang matanggap ng plano sa kalusugan ng isip ang kahilingan. Halimbawa, kung ang pagsunod sa karaniwang timeframe ay maaaring seryosong malagay sa panganib ang iyong buhay, kalusugan, o kakayahang makakilos, mapanatili, o mabawi ang pinakamabuting lagay, ang iyong plano sa kalusugan ng isip ay dapat magmadali ng desisyon sa awtorisasyon at magbigay ng abiso batay sa isang takdang panahon na nauugnay sa iyong kalagayan sa kalusugan na hindi lalampas sa 72 oras pagkatapos matanggap ang kahilingan sa serbisyo. Ang iyong plano sa kalusugan ng isip ay maaaring pahabain ang oras nang hanggang 14 na karagdagang araw pagkatapos matanggap ng plano sa kalusugan ng isip ang kahilingan kung ikaw o ang iyong provider ay humiling ng extension o ang plano sa kalusugan ng isip ay nagbibigay ng katwiran kung bakit ang extension ay para sa iyong kapakanan.

Isang halimbawa ng kung kailan maaaring kailanganin ang isang extension ay kapag naisip ng plano sa kalusugan ng isip na maaari nitong aprubahan ang kahilingan ng iyong provider para sa paggamot kung makakakuha sila ng



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

karagdagang impormasyon mula sa iyong provider. Kung pinalawig ng plano sa kalusugan ng isip ang timeline para sa kahilingan ng provider, padadalhan ka ng county ng nakasulat na paunawa tungkol sa extension.

Kung ang plano sa kalusugan ng isip ay tinanggihan, inaantala, binabawasan, o tinapos ang mga serbisyong hiniling, ang plano sa kalusugan ng isip ay dapat magpadala sa iyo ng Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo na nagsasabi sa iyo na ang mga serbisyo ay tinanggihan, naantala, binabawasan o winakasan, ipaalam sa iyo na maaari kang maghain ng apela, at bigyan ka ng impormasyon kung paano maghain ng apela. Para malaman pa ang tungkol sa iyong mga karapatan na maghain ng karaingan o apela kapag hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng iyong plano sa kalusugan ng isip na tanggihan ang iyong mga serbisyo o gumawa ng iba pang aksyon na hindi mo sinasang-ayunan, sumangguni sa seksyong Salungat na Desisyon sa Benepisyo ng Iyong Kalusugan ng Isip sa pahina 42 sa handbook na ito.

Ano ang Medikal na Pangangailangan?

Ang mga serbisyong natatanggap mo ay dapat medikal na kinakailangan at naaangkop upang matugunan ang iyong kondisyon. Para sa mga indibidwal na 21 taong gulang at mas matanda, ang isang serbisyo ay medikal na kinakailangan kapag ito ay makatwiran at kinakailangan upang protektahan ang iyong buhay, maiwasan ang malubhang sakit o kapansanan, o upang maibsan ang matinding sakit.

Para sa mga indibidwal na wala pang 21 taong gulang, ang serbisyo ay medikal na kinakailangan kung ang serbisyo ay magtutuwid, magpapanatili, susuporta, magpapabuti, o magpapa-tolerate sa isang kondisyon sa kalusugan ng isip. Ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o nagpapa-tolerate sa kondisyon sa kalusugan ng isip ay itinuturing na medikal na kinakailangan at saklaw bilang mga serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diagnosis, at Paggamot.



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Paano Ako Makakakuha ng Iba Pang Serbisyo sa Kalusugan ng Isip na Hindi Saklaw ng Plano sa Kalusugan ng Isip?

Kung naka-enroll ka sa isang plano ng pinamamahalaang pangangalaga, mayroon kang access sa mga sumusunod na serbisyo sa kalusugan ng isip para sa outpatient sa pamamagitan ng iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga:

- Pagsusuri at paggamot sa kalusugan ng isip, kabilang ang therapy ng indibidwal, grupo at pamilya.
- Pagsusuring sikolohikal at neuropsychological, kapag ipinahiwatig sa klinika para suriin ang isang kondisyon sa kalusugan ng isip.
- Mga serbisyo ng outpatient para sa layunin ng pag-monitor sa mga inireresetang gamot.
- Pagkonsulta sa Psychiatrist.

Para makuha ang isa sa mga serbisyo sa itaas, direktang tawagan ang iyong pinamamahalaang plano sa pangangalaga. Kung wala ka sa isang plano ng pinamamahalaang pangangalaga, maaari mong makuha ang mga serbisyonang ito mula sa mga indibidwal na provider at klinika na tumatanggap ng Medi-Cal. Ang plano sa kalusugan ng isip ay maaaring makatulong sa iyo na makahanap ng provider o klinika na makakatulong sa iyo o maaaring magbigay sa iyo ng ilang ideya kung paano maghanap ng provider o klinika.

Ang anumang parmasya na tumatanggap ng Medi-Cal ay maaaring punan ang mga reseta para gamutin ang isang kondisyon sa kalusugan ng isip. Pakitandaan na ang karamihan sa mga inireresetang gamot na ibinibigay ng isang parmasya, na tinatawag na Medi-Cal Rx, ay saklaw sa ilalim ng Fee-For-Service Medi-Cal program, hindi ng iyong pinamamahalaang plano sa pangangalaga.



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Paano Ako Makakakuha ng Iba Pang Serbisyo ng Medi-Cal (Pangunahing Pangangalaga/Medi-Cal) na Hindi Saklaw ng Plano sa Kalusugan ng Isip?

Kung ikaw ay nasa isang pinamamahalaang plano ng pangangalaga, ang plano ay may pananagutan na humanap ng provider para sa iyo. Kung hindi ka naka-enroll sa isang plano ng pinamamahalaang pangangalaga at may "regular" na Medi-Cal, na tinatawag ding Fee-For-Service Medi-Cal, maaari kang pumunta sa alinmang provider na tumatanggap ng Medi-Cal. Dapat mong sabihin sa iyong provider na mayroon kang Medi-Cal bago ka magsimulang kumuha ng mga serbisyo. Kung hindi, maaari kang singilin para sa mga serbisyong iyon.

Maaari kang gumamit ng provider sa labas ng iyong pinamamahalaang plano ng pangangalaga para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya.

Paano Kung May Problema Ako sa Pagkonsumo ng Alak o Droga?

Kung sa tingin mo ay kailangan mo ng mga serbisyo para gamutin ang problema sa alak o droga, makipag-ugnayan sa iyong county sa Linya ng Access at Krisis sa 1-888-724-7240. Ang mga tagapayo ay maaaring tumulong sa pag-assess ng iyong mga pangangailangan at magbigay ng mga referral para sa mga serbisyo sa sakit sa paggamit ng substance.

Bakit ko maaaring kailanganin ang Mga Serbisyong Psychiatric sa Inpatient ng Ospital?

Maaari kang ma-admit sa isang ospital kung mayroon kang kondisyon sa kalusugan ng isip o mga sintomas ng kondisyon ng kalusugan ng isip na hindi ligtas na magamot sa mas mababang antas ng pangangalaga, at dahil sa kondisyon ng kalusugan ng isip o mga sintomas ng kondisyon ng kalusugan ng isip, ikaw ay:

- Kumakatawan sa kasalukuyang panganib sa iyong sarili o sa iba, o



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

makabuluhang pagkasira ng ari-arian

- Hindi makapaghanda o makakain, makapagdamit, o makapanirahan
- May pansing matinding panganib sa iyong pisikal na kalusugan
- May kamakailan, makabuluhang epekto sa kakayahang kumilos bilang resulta ng isang kondisyon sa kalusugan ng isip
- Kailangan ng psychiatric evaluation, paggamot gamit ang gamot, o iba pang paggamot na maaari lang ibigay sa ospital



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

PAGPILI NG PROVIDER

Paano Ako Makakahanap ng Provider Para sa Mga Espesyal na Serbisyo sa Kalusugan ng Isip na Kailangan Ko?

Kinakailangan ng iyong plano sa kalusugan ng isip na mag-post ng kasalukuyang direktoryo ng provider online. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga kasalukuyang provider o gusto mo ng updated na direktoryo ng provider, bisitahin ang website ng iyong plano sa kalusugan ng isip

https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html o tawagan ang walang bayad na numero ng telepono ng plano sa kalusugan ng isip. Maaari kang makakuha ng listahan sa pamamagitan ng sulat o sa pamamagitan ng koreo kung hihilingin mo ito.

Ang plano sa kalusugan ng isip ay maaaring maglagay ng ilang limitasyon sa iyong pagpili ng mga provider. Kapag una kang nagsimulang makatanggap ng mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip, maaari kang humiling na ang iyong plano sa kalusugan ng isip ay magbigay sa iyo ng dalawang paunang pagpipiliang provider. Ang iyong plano sa kalusugan ng isip ay dapat ding magpapahintulot sa iyo na magpalit ng mga provider. Kung hihilingin mong palitan ang mga provider ng serbisyo, dapat kang pahintulutan ng plano sa kalusugan ng isip na pumili sa dalawang provider hangga't maaari.

Ang iyong plano sa kalusugan ng isip ay may pananagutan na tiyakin na mayroon kang napapanahong access sa pangangalaga at may sapat na mga provider na malapit sa iyo para matiyak na makukuha mo ang mga serbisyo sa paggamot sa kalusugan ng isip na saklaw ng plano sa kalusugan ng isip kung kailangan mo ang mga ito.

Kung minsan pinipili ng mga nakakontratang provider ng plano sa kalusugan ng isip na hindi na magbigay ng mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip. Ang mga provider ng plano sa kalusugan ng isip ay maaaring hindi na makipagkontrata sa plano



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

sa kalusugan ng isip, o hindi na tumanggap ng mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip ng Medi-Cal ng mga pasyente nang mag-isa o sa kahilingan ng plano sa kalusugan ng isip. Kapag nangyari ito, dapat magsikap ang plano sa kalusugan ng isip na magbigay ng nakasulat na paunawa sa bawat tao na tumatanggap ng espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip mula sa provider. Ang paunawa sa benepisyaryo ay dapat ibigay 30 araw sa kalendaryo bago ang petsa ng bisa ng pagwawakas o 15 araw pagkatapos malaman ng plano sa kalusugan ng isip na hihinto sa pagtatrabaho ang provider. Kapag nangyari ito, dapat pahintulutan ka ng iyong plano sa kalusugan ng isip na magpatuloy sa pagtanggap ng mga serbisyo mula sa provider na umalis sa plano sa kalusugan ng isip, kung ikaw at ang provider ay sasang-ayon. Ito ay tinatawag na "pagpapatuloy ng pangangalaga" at ipinapaliwanag sa ibaba.

Maaari ba Akong Patuloy na Makatanggap ng Mga Serbisyo Mula sa Aking Kasalukuyang Provider?

Kung nakakatanggap ka na ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip mula sa isang plano ng pinamamahalaang pangangalaga, maaari kang patuloy na makatanggap ng pangangalaga mula sa provider na iyon kahit na nakatanggap ka ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip mula sa iyong provider ng plano sa kalusugan ng isip, hangga't ang mga serbisyo ay nakoordina sa mga provider at ang mga serbisyo ay hindi pareho.

Bukod pa ryan, kung nakakatanggap ka na ng mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip mula sa isa pang plano sa kalusugan ng isip, plano ng pinamamahalaang pangangalaga, o isang indibidwal na provider ng Medi-Cal, maaari kang humiling ng "pagpapatuloy ng pangangalaga" para manatili ka sa iyong kasalukuyang provider, nang hanggang 12 buwan. Maaari mong hilingin na humiling ng pagpapatuloy ng pangangalaga kung kailangan mong manatili sa iyong kasalukuyang provider ng serbisyo para ipagpatuloy ang iyong patuloy na paggamot o magdudulot ng malubhang pinsala sa iyong kalagayan sa kalusugan ng isip ang paglipat sa isang bagong provider.



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Ang iyong kahilingan sa pagpapatuloy ng pangangalaga ay maaaring pagbigyan kung totoo ang sumusunod:

- Mayroon kang patuloy na kaugnayan sa provider na iyong hinihiling at nagpatingin ka sa provider na iyon sa nakalipas na 12 buwan;
- Ang provider ay kwalipikado at nakakatugon sa mga kinakailangan ng Medi-Cal;
- Sumasang-ayon ang provider sa mga kinakailangan ng plano sa kalusugan ng isip para sa pagkontrata sa plano sa kalusugan ng isip at pagbabayad para sa mga serbisyo; at
- Nagbabahagi ang provider ng may-katuturang dokumentasyon sa plano sa kalusugan ng isip tungkol sa iyong pangangailangan para sa mga serbisyo



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

ANG IYONG KARAPATAN NA I-ACCESS ANG MGA MEDIKAL NA REKORD AT IMPORMASYON SA DIREKTORYO NG PROVIDER NA GUMAGAMIT NG

Kinakailangang gumawa at magpanatili ng county ng isang secure na sistema para ma-access mo ang iyong mga medikal na rekord at makahanap ng provider gamit ang mga karaniwang teknolohiya tulad ng isang computer, smart tablet, o mobile device. Ang sistemang ito ay tinatawag na Patient Access Application Programming Interface (API). Ang impormasyong isasaalang-alang sa pagpili ng aplikasyon para ma-access ang iyong mga medikal na rekord at mahanap ang isang provider ay makikita sa website ng iyong county.

Para sa mga tanong na nauugnay sa secure na system para ma-access ang iyong mga rekord ng kalusugan at medikal, mangyaring mag-email sa

QIMatters.HHSA@sdcounty.ca.gov

Para sa mahahanap na bersyon ng Direktoryo ng Provider ng BHS at para mahanap ang isang provider, pakibisita ang: <https://sdcountybhs.com/ProviderDirectory>



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

MGA SAKLAW NA SERBISYO

Kung natutugunan mo ang mga pamantayan para sa pag-access ng mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip, ang mga sumusunod na serbisyo ay magagamit mo batay sa iyong pangangailangan. Ang iyong provider ay makikipagtulungan sa iyo para magpasya kung aling mga serbisyo ang pinakamainam para sa iyo.

Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip

- Ang mga serbisyo sa kalusugan ng isip ay isang indibidwal, grupo, o nakabatay sa pamilya na mga serbisyo sa paggamot na tumutulong sa mga taong may mga kondisyon sa kalusugan ng isip na bumuo ng mga kasanayan sa pagharap sa pang-araw-araw na pamumuhay. Kasama rin sa mga serbisyong ito ang gawaing ginagawa ng provider para makatulong na gawing mas mahusay ang mga serbisyo para sa taong tumatanggap ng mga serbisyo. Kabilang sa mga ganitong uri ng bagay ang: mga assessment para makita kung kailangan mo ang serbisyo at kung magagamit ang serbisyo; pagpapalano ng paggamot para magpasya sa mga layunin ng iyong paggamot sa kalusugan ng isip at ang mga partikular na serbisyong ibibigay; at “collateral,” na nangangahulugan ng pakikipagtulungan sa mga miyembro ng pamilya at mahahalagang tao sa iyong buhay (kung magbibigay ka ng pahintulot) para tulungan kang mapabuti o mapanatili ang iyong mga kakayahan sa pang-araw-araw na pamumuhay. Maaaring ibigay ang mga serbisyo sa kalusugan ng isip sa isang klinika o opisina ng provider, o sa iyong tahanan o iba pang setting ng komunidad, sa pamamagitan ng pagtawag o sa pamamagitan ng telehealth (na kinabibilangan ng parehong audio lang at video na mga interaksyon).

Mga Serbisyo sa Suporta sa Gamot

- Kasama sa mga serbisyong ito ang pagrereseta, pangangasiwa, pagbibigay, at pagsubaybay ng mga gamot na pang-psychiatric; at edukasyon na may kaugnayan sa mga gamot na pang-psychiatric. Ang mga serbisyo ng suporta



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

sa gamot ay maaaring ibigay sa isang klinika o opisina ng provider, o sa iyong tahanan o iba pang setting ng komunidad, sa telepono o sa pamamagitan ng telehealth (na kinabibilangan ng parehong audio lang at video na interaksyon).

Targeted na Pamamahala ng Kaso

- Ang serbisyong ito ay tumutulong sa pagkuha ng medikal, pang-edukasyon, panlipunan, prevocational, bokasyonal, rehabilitative, o iba pang mga serbisyong pangkomunidad kapag ang mga serbisyong ito ay maaaring mahirap para sa mga taong may kondisyon sa kalusugan ng isip na kunin nang mag-isa. Kasama sa targeted na pamamahala ng kaso, ngunit hindi limitado sa, pagbuo ng plano; komunikasyon, koordinasyon, at referral; pag-monitor sa paghahatid ng serbisyo para matiyak ang access ng tao sa serbisyo at ang sistema ng paghahatid ng serbisyo; at pag-monitor sa progreso ng tao.

Mga Serbisyo ng Interbensyon sa Krisis

- Ang serbisyong ito ay magagamit para tugunan ang isang agarang kondisyon na nangangailangan ng agarang atensyon. Ang layunin ng interbensyon sa krisis ay tulungan ang mga tao sa komunidad, para hindi sila mapunta sa ospital. Maaaring abutin nang hanggang walong oras ang interbensyon sa krisis at maaaring ibigay sa isang klinika o opisina ng provider, o sa iyong tahanan o iba pang setting ng komunidad, sa telepono o sa pamamagitan ng telehealth (na kinabibilangan ng parehong audio lang at video na mga interaksyon).

Mga Serbisyo sa Pagpapatatag sa Panahon ng Krisis

- Ang serbisyong ito ay magagamit para tugunan ang isang agarang kondisyon na nangangailangan ng agarang atensyon. Ang pag-stabilize ng krisis ay tumatagal nang wala pang 24 na oras at dapat ibigay sa isang lisensyadong 24 na oras na pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan, sa isang programang outpatient na nakabase sa ospital, o sa isang lugar ng provider na sertipikadong magbigay ng mga serbisyo sa pag-stabilize ng krisis.



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Mga Serbisyo sa Paggamot ng Nasa Hustong Gulang na Residente

- Ang mga serbisyong ito ay nagbibigay ng paggamot sa kalusugan ng isip at pagbuo ng kasanayan para sa mga taong nakatira sa mga lisensyadong pasilidad na nagbibigay ng mga serbisyo sa paggamot sa tirahan para sa mga taong may kondisyon sa kalusugan ng isip. Sinasaklaw ang mga serbisyong pang-emergency 24 na oras sa isang araw at pitong araw sa isang linggo. Hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang gastos sa kwarto para mapunta sa pasilidad na nag-aalok ng mga serbisyo sa paggamot sa tirahan para sa mga nasa hustong gulang.

Mga Serbisyo sa Paggamot sa Krisis ng Residente

- Ang mga serbisyong ito ay nagbibigay ng paggamot sa kalusugan ng isip at pagbuo ng kasanayan para sa mga taong may malubhang mental o emosyonal na krisis, ngunit hindi nangangailangan ng pangangalaga sa isang psychiatric na ospital. Ang mga serbisyo ay magagamit 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo sa mga lisensyadong pasilidad. Hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang gastos sa kwarto para mapunta sa pasilidad na nag-aalok ng mga serbisyo sa paggamot sa residenteng nasa krisis.

Mga Serbisyo ng Intensive na Paggamot sa Araw

- Ito ay isang nakabalangkas na programa ng paggamot sa kalusugan ng isip na ibinibigay sa isang grupo ng mga tao na maaaring kailanganin sa ospital o isa pang 24 na oras na pasilidad ng pangangalaga. Ang programa ay aabutin nang hindi bababa sa tatlong oras sa isang araw. Kasama sa programa ang mga aktibidad sa pagbuo ng kasanayan at mga therapy pati na rin ang psychotherapy.

Rehabilitasyon sa Araw

- Ito ay isang nakabalangkas na programa na idinisenyo para tulungan ang mga taong may kondisyon sa kalusugan ng isip na matuto at bumuo ng mga



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

kakayahan sa pagharap at buhay at para pamahalaan ang mga sintomas ng kondisyon ng kalusugan ng isip nang mas epektibo. Ang programa ay aabutin nang hindi bababa sa tatlong oras bawat araw. Kasama sa programa ang mga aktibidad sa pagbuo ng kasanayan at mga therapy.

Mga Psychiatric na Serbisyo sa Inpatient ng Ospital

- Ang mga ito ay mga serbisyong ibinibigay sa isang lisensyadong psychiatric na ospital batay sa pagpapasiya ng isang lisensyadong propesyonal sa kalusugan ng isip na ang tao ay nangangailangan ng masinsinang 24 na oras na paggamot sa kalusugan ng isip.

Mga Serbisyo sa Pasilidad ng Psychiatric Health

- Ang mga serbisyong ito ay ibinibigay sa isang lisensiyadong pasilidad ng kalusugang pang-psychiatric na dalubhasa sa 24 na oras na rehabilitative na paggamot ng mga seryosong kondisyon sa kalusugan ng isip. Ang mga pasilidad na pang-psychiatric na kalusugan ay dapat magkaroon ng kasunduan sa isang malapit na ospital o klinika para matugunan ang mga pangangailangan sa pisikal na pangangalagang pangkalusugan ng mga tao sa pasilidad. Ang mga pasilidad ng psychiatric na kalusugan ay maaari lang tanggapin at gamutin ang mga pasyente na walang pisikal na karamdaman o pinsala na mangangailangan ng paggamot na higit sa karaniwang maaaring gamutin sa isang outpatient na batayan.

Mga Serbisyo sa Suporta ng Peer(iba-iba bawat county)

- Ang pagbibigay ng Mga Serbisyo sa Suporta ng Peer ay opsyonal para sa mga county. Ang County ng San Diego ay nagbibigay ng mga serbisyo ng suporta ng mga kasamahan para sa mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip.
- Ang Peer Support Services ay mga serbisyong indibidwal at pangkat na may kakayahan sa kultura na nagtataguyod ng pagbawi, katatagan, pakikipag-ugnayan, pakikisalamuha, pagsasarili, pagtataguyod sa sarili, pagbuo ng mga



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

natural na suporta, at pagkilala sa mga lakas sa pamamagitan ng mga nakabalangkas na aktibidad. Ang mga serbisyong ito ay maaaring ibigay sa iyo o sa iyong itinalagang makabuluhang (mga) taong sumusuporta at maaaring matanggap kasabay ng pagtanggap mo ng iba pang Espesyal na Serbisyo sa Kalusugan ng Isip. Ang Peer Specialist ay isang indibidwal na may karanasan sa kalusugan ng pag-iisip o mga kondisyon ng paggamit ng substance at nagpapagaling na nakakumpleto ng mga kinakailangan ng programa ng sertipikasyon na inaprubahan ng Estado ng isang county, na na-certify ng mga county, at nagbibigay ng mga serbisyong ito sa utos ng isang Propesyonal sa Kalusugan Kaugnay ng Pag-uugali na lisensyado, na-waive, o nakarehistro sa Estado ng California.

- Kasama sa Mga Serbisyo sa Suporta ng Peer ang indibidwal at panggrupong coaching, mga pangkat sa pagbuo ng kasanayang pang-edukasyon, pag-navigate sa mapagkukunan, mga serbisyo sa pakikipag-ugnayan upang hikayatin kang lumahok sa paggamot sa kalusugan ng pag-uugali, at mga aktibidad na panterapeutika tulad ng pagtataguyod ng self-advocacy.

Mga Mobile na Serbisyo sa Krisis (iba-iba sa bawat county)

- Available ang mga mobile na serbisyo sa krisis kung nakakaranas ka ng problema kaugnay ng kalusugan ng pag-iisip at/o paggamit ng substance (“krisis sa kalusugan ng pag-uugali”). Ang mga mobile na serbisyo sa krisis ay mga serbisyong ibinibigay ng mga propesyonal sa kalusugan sa lokasyon kung saan ka nakakaranas ng krisis, kabilang sa iyong tahanan, trabaho, paaralan, o anumang iba pang lokasyon, hindi kasama ang mga ospital o iba pang setting ng pasilidad. Ang mga mobile na serbisyo sa krisis ay magagamit 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, at 365 araw sa isang taon.
- Kasama sa mga mobile na serbisyo sa krisis ang mabilis na pagtugon, indibidwal na assessment at pagpapatatag na nakabatay sa komunidad. Kung kailangan mo ng karagdagang pangangalaga, ang mga mobile provider ay magpapadali din sa mga maiinit na handoff o mga referral sa ibang mga serbisyo.



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

- Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Koponan ng Mobile na Pagresponde sa Krisis (Mobile Crisis Response Team, MCRT) ng Mga Serbisyo sa Kalusugan Kaugnay ng Pag-uugali (Behavioral Health Services, BHS) ng County ng San Diego, puntahan ang sumusunod na link:

https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/BHS_MCRT/About_MCRT.html

Mayroon bang Mga Espesyal na Serbisyonang Magagamit para sa Mga Bata, at/o Mga Young Adult na wala pang 21 Taong Gulang?

Ang mga benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang ay kwalipikadong makakuha ng mga karagdagang serbisyo ng Medi-Cal sa pamamagitan ng benepisyong tinatawag na Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot.

Upang maging karapat-dapat para sa mga serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot, ang isang benepisyaryo ay dapat na wala pang 21 taong gulang at may kumpletong saklaw na Medi-Cal. Ang Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot ay sumasaklaw sa mga serbisyo na kinakailangan para itama o mapahusay ang anumang kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali. Ang mga serbisyonang nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o gumagawa ng mas matitiis na kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali ay itinuturing na nagpapahusay sa kondisyon ng kalusugan ng isip at sa kabilang banda, ay medikal na kinakailangan at saklaw bilang mga serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diagnosis, at Paggamot.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot, mangyaring tumawag sa 1-888-724-7240 o puntahan ang [webpage ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot ng DHCS](#).



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Ang mga sumusunod na serbisyo ay makukuha rin mula sa plano sa kalusugan ng isip para sa mga bata, kabataan, at mga young adult na wala pang 21 taong gulang: Mga Serbisyo ng Therapy sa Pag-uugali, Koordinasyon ng Intensive na Pangangalaga, Mga Intensive na Serbisyo sa Bahay, at Mga Serbisyo ng Therapy sa Foster Care.

Mga Serbisyo ng Therapy Kaugnay ng Pag-uugali

Ang Mga Serbisyo ng Therapy Kaugnay ng Pag-uugali ay intensive, individualized, panandaliang interbensyon sa paggamot sa outpatient para sa mga benepisyaryo hanggang sa edad na 21. Ang mga indibidwal na tumatanggap ng mga serbisyong ito ay may malubhang emosyonal na abala, nakakaranas ng mabigat na pagbabago o krisis sa buhay, at nangangailangan ng karagdagang panandaliang, partikular na mga serbisyo ng suporta.

Ang Mga Serbisyo ng Therapy Kaugnay ng Pag-uugali ay isang uri ng espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip na makukuha sa bawat plano sa kalusugan ng isip kung mayroon kang malubhang emosyonal na problema. Para makakuha ng Mga Serbisyo ng Therapy Kaugnay ng Pag-uugali, dapat kang makatanggap ng serbisyo sa kalusugan ng isip, wala pang 21 taong gulang, at may kumpletong saklaw na Medi-Cal.

- Kung ikaw ay nakatira sa bahay, ang isang kawani ng Mga Serbisyo ng Therapy Kaugnay ng Pag-uugali ay maaaring makipagtulungan sa iyo nang isa-isa para mabawasan ang malalang problema sa pag-uugali para subukang pigilan ka sa pangangailangang pumunta sa mas mataas na antas ng pangangalaga, tulad ng isang panggrupong tahanan para sa mga bata-at mga kabataan na wala pang 21 taong gulang na may napakaseryosong emosyonal na problema.
- Kung nakatira ka sa isang panggrupong tahanan para sa mga bata at kabataang wala pang 21 taong gulang na may napakaseryosong emosyonal na mga problema, ang isang kawani ng Mga Serbisyo ng Therapy Kaugnay ng Pag-uugali ay maaaring makipagtulungan sa iyo para maaari kang lumipat sa isang family based na setting, tulad ng isang foster home o pauwi.



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Ang Mga Serbisyo ng Therapy Kaugnay ng Pag-uugali ay tutulong sa iyo at sa iyong pamilya, tagapag-alaga, o tagapag-alaga na matuto ng mga bagong paraan ng pagtugon sa problemang may kaugnayan sa pag-uugali at mga paraan ng pagpapataas ng mga uri ng pag-uugali na magbibigay-daan sa iyong maging matagumpay. Ikaw, ang tauhan ng Mga Serbisyo ng Therapy Kaugnay ng Pag-uugali at ang iyong pamilya, tagapag-alaga, o tagapag-alaga ay magtutulongan bilang isang pangkat para tugunan ang mga problemang pag-uugali sa loob ng maikling panahon hanggang sa hindi mo na kailangan ang Mga Serbisyo ng Therapy Kaugnay ng Pag-uugali. Magkakaroon ka ng plano ng Mga Serbisyo ng Therapy Kaugnay ng Pag-uugali na magsasabi kung ano ang gagawin mo, ng iyong pamilya, tagapag-alaga, at ng kawani ng Mga Serbisyo ng Therapy Kaugnay ng Pag-uugali sa panahon ng Mga Serbisyo ng Therapy Kaugnay ng Pag-uugali, at kung kailan at saan magaganap ang Mga Serbisyo ng Therapy Kaugnay ng Pag-uugali. Ang kawani ng Mga Serbisyo ng Therapy Kaugnay ng Pag-uugali ay maaaring makipagtulungan sa iyo sa karamihan ng mga lugar kung saan malamang na kailangan mo ng tulong sa iyong problemang pag-uugali. Kabilang dito ang iyong tahanan, foster home, panggrupong tahanan, paaralan, programa ng paggamot sa araw, at iba pang lugar sa komunidad.

Koordinasyon ng Intensive na Pangangalaga

Ang Koordinasyon ng Intensive na Pangangalaga ay isang naka-target na serbisyo sa pamamahala ng kaso na nagpapadali sa assessment ng pagpapalano ng pangangalaga para sa, at koordinasyon ng mga serbisyo sa mga benepisyaryo na wala pang edad na 21 na karapat-dapat para sa kumpletong saklaw ng mga serbisyo ng Medi-Cal at kung sino ang isinangguni para sa serbisyong ito batay sa medikal na pangangailangan.

Ang mga serbisyo ng Koordinasyon ng Intensive na Pangangalaga ay ibinibigay sa pamamagitan ng mga prinsipyo ng Integrated Core Practice Model, kabilang ang pagtatatag ng Child and Family Team para matiyak ang pagpapadali ng isang



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

collaborative na relasyon sa pagitan ng isang bata, kanilang pamilya, at mga kasangkot na sistema ng paglilingkod sa bata.

Kasama sa Child and Family Team ang mga pormal na suporta (tulad ng care coordinator, provider, at case manager mula sa mga ahensyang naglilingkod sa bata), natural na suporta (tulad ng mga miyembro ng pamilya, kapitbahay, kaibigan, at clergy), at iba pang indibidwal na nagtutulungan na bumuo at ipatupad ang plano ng kliyente at responsable para sa pagsuporta sa mga bata at kanilang mga pamilya sa pagkamit ng kanilang mga layunin. Ang Koordinasyon ng Intensive na Pangangalaga ay nagbibigay din ng isang Coordinator ng Koordinasyon ng Intensive na Pangangalaga na:

- Titiyak na ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay naa-access, nakoordina, at naihahatid sa isang nakabatay sa lakas, indibidwal, hinihimok ng kliyente, at may kakayahang pangkultura at pang-wika.
- Tinitiyak na ang mga serbisyo at suporta ay ginagabayan ng mga pangangailangan ng bata.
- Pinapadali ang pakikipagtulungan sa pagitan ng bata, kanilang pamilya, at mga sistemang kasangkot sa pagbibigay ng mga serbisyo sa kanila.
- Sinusuportahan ang magulang/tagapag-alaga sa pagtugon sa mga pangangailangan ng kanilang anak.
- Tumutulong sa pagtatatag ng Child and Family Team at nagbibigay ng patuloy na suporta.
- Nag-aayos at nagtutugma ng pangangalaga sa mga provider at mga sistema ng paglilingkod sa bata para payagan ang bata na mapaglingkuran sa kanilang komunidad.

Mga Intensive na Serbisyong Nakabase sa Bahay

Ang Mga Intensive na Serbisyong Nakabase sa Bahay ay mga indibidwal na interbensyon na nakabatay sa lakas na idinisenyo para mapabuti ang mga kondisyon ng kalusugan ng isip na nakakasagabal sa pag-function ng isang bata/kabataan at



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

naglalayong tulungan ang bata/kabataan na bumuo ng mga kasanayang kinakailangan para sa matagumpay na pag-function sa tahanan at komunidad at pagpapabuti ng bata/kakayahan ng pamilya ng kabataan na tulungan ang bata/kabataan na matagumpay na maka-function sa tahanan at komunidad.

Ang Mga Intensive na Serbisyong Nakabase sa Bahay ay ibinibigay sa ilalim ng Integrated Core Practice Model ng Child and Family Team sa pakikipag-ugnayan sa pangkalahatang plano ng serbisyo ng pamilya. Ang Mga Intensive na Serbisyong Nakabase sa Bahay ay ibinibigay sa mga benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang na karapat-dapat para sa kumpletong saklaw na mga serbisyo ng Medi-Cal at na nire-refer para sa mga serbisyong ito batay sa medikal na pangangailangan.

Therapeutic Foster Care

Ang modelo ng serbisyo ng Therapeutic Foster Care ay nagbibigay-daan para sa pagbibigay ng panandalian, intensive, trauma-informed, at indibidwal na espesyalidad na mga serbisyo sa kalusugan ng isip para sa mga bata hanggang sa edad na 21 na may kumplikadong emosyonal at asal na mga pangangailangan. Sa Therapeutic Foster Care, ang mga bata ay inilalagay kasama ng mga sinanay, pinangangasiwaan, at suportadong mga magulang ng Therapeutic Foster Care.

Mga Available na Serbisyo sa pamamagitan ng Tawag o Telehealth

Ang personal, harapang pakikipag-ugnayan sa pagitan mo at ng iyong provider ay hindi palaging kinakailangan para makatanggap ka ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip. Depende sa iyong mga serbisyo, maaari mong matanggap ang iyong mga serbisyo sa pamamagitan ng tawag o telehealth. Dapat ipaliwanag sa iyo ng iyong provider ang tungkol sa paggamit ng telepono o telehealth at tiyaking sumasang-ayon ka bago simulan ang mga serbisyo. Kahit na sumasang-ayon kang tanggapin ang iyong mga serbisyo sa pamamagitan ng telehealth o telepono, maaari mong piliin sa ibang



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

pagkakataon na tanggapin ang iyong mga serbisyo nang personal o nang harapan. Ang ilang uri ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip ay hindi maaaring ibigay lang sa pamamagitan ng telehealth o tawag dahil hinihiling nito sa iyong pumunta sa isang partikular na lugar para sa serbisyo, tulad ng mga serbisyo sa paggamot sa tirahan o mga serbisyo sa ospital.



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

MGA SALUNGAT NA DESISYON SA BENEPISYO NG IYONG PLANO SA KALUSUGAN NG ISIP

Ano Ang Mga Karapatan Ko Kung Tinatanggihan ng Plano sa Kalusugan ng Isip ang Mga Serbisyong Gusto Ko o Sa Palagay Ko na Kailangan Ko?

Kung ang iyong plano sa kalusugan ng isip, o isang provider sa ngalan ng plano sa kalusugan ng isip, ay tumanggi, nililimitahan, binabawasan, inaantala, o tinapos ang mga serbisyong gusto mo o pinaniniwalaan mong dapat mong makuha, mayroon kang karapatan sa isang nakasulat na Paunawa (tinatawag na “Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo”) mula sa plano sa kalusugan ng isip. May karapatan ka ring hindi sumang-ayon sa desisyon sa pamamagitan ng pag-apela. Tinatalakay ng mga seksyon sa ibaba ang iyong karapatan sa isang Paunawa at kung ano ang gagawin kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng iyong plano sa kalusugan ng isip.

Ano ang Salungat na Desisyon sa Benepisyo?

Ang Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo ay tinukoy bilang alinman sa mga sumusunod na aksyon

na ginawa ng isang plano sa kalusugan ng isip:

1. Ang pagtanggi o limitadong awtorisasyon ng isang hiniling na serbisyo, kabilang ang mga pagpapasiya batay sa uri o antas ng serbisyo, medikal na pangangailangan, kaangkupan, setting, o bisa ng isang saklaw na benepisyo;
2. Ang pagbawas, pagsuspende, o pagwakas ng isang dating awtorisadong serbisyo;
3. Ang pagtanggi, sa lahat o bahagi lang, ng pagbabayad para sa isang serbisyo;
4. Ang kabiguang magbigay ng mga serbisyo sa isang napapanahong paraan;
5. Ang kabiguan na kumilos sa loob ng kinakailangang mga takdang panahon para sa karaniwang paglutas ng mga karaingan at apela (Kung maghahain ka ng karaingan sa plano sa kalusugan ng isip at ang plano sa kalusugan ng isip ay



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

hindi babalik sa iyo nang may nakasulat na desisyon sa iyong karaingan sa loob ng 90 araw. Kung maghahain ka ng apela sa plano sa kalusugan ng isip at ang plano sa kalusugan ng isip ay hindi babalik sa iyo nang may nakasulat na desisyon sa iyong apela sa loob ng 30 araw, o kung naghain ka ng pinabilis na apela, at hindi nakatanggap ng tugon sa loob ng 72 oras.); o

6. Ang pagtanggì sa kahilingan ng isang benepisyaryo na i-dispute ang pananagutan sa pananalapi.

Ano ang Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo?

Ang Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo ay isang nakasulat na liham na ipapadala sa iyo ng plano sa kalusugan ng isip kung gagawa ito ng desisyon na tanggihan, limitahan, bawasan, antalahin, o wakasan ang mga serbisyong pinaniniwalaan mo at ng iyong provider na dapat mong makuha. Kabilang dito ang isang pagtanggì sa pagbabayad para sa isang serbisyo, isang pagtanggì batay sa pag-claim na ang mga serbisyo ay hindi saklaw, isang pagtanggì batay sa pag-claim ng mga serbisyo ay hindi medikal na kinakailangan, isang pagtanggì na ang serbisyo ay para sa maling sistema ng pag-delivery, o isang pagtanggì sa isang kahilingan na i-dispute ang pananagutang pinansyal. Ginagamit din ang Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo para sabihin sa iyo kung ang iyong hinaing, apela, o pinabilis na apela ay hindi nalutas sa oras, o kung hindi ka nakakuha ng mga serbisyo sa loob ng mga pamantayan ng timeline ng plano sa kalusugan ng isip para sa pagbibigay ng mga serbisyo .

Oras ng Paunawa

Dapat ipadala ng plano sa kalusugan ng isip ang paunawa sa benepisyaryo nang hindi bababa sa 10 araw bago ang petsa ng aksyon para sa terminasyon, pagsususpende, o pagbabawas ng dating awtorisadong espesyal na serbisyo ng kalusugan ng isip. Dapat ding ipadala ng plano sa kalusugan ng isip ang paunawa sa benepisyaryo sa loob ng dalawang araw ng negosyo ng desisyon para sa pagtanggì sa pagbabayad o para sa



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

mga desisyon na nagreresulta sa pagtangga, pagkaantala, o pagbabago ng lahat o bahagi ng hiniling na mga espesyal na serbisyo ng kalusugan ng isip.

Palagi ba akong Makakakuha ng Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo Kapag Hindi Ko Nakuha ang Mga Serbisyong Gusto Ko?

Oo, dapat kang makatanggap ng Salungat na Desisyon sa Benepisyo.

Gayunpaman, kung hindi ka makakatanggap ng paunawa, maaari kang maghain ng apela sa plano sa kalusugan ng isip ng county o kung nakumpleto mo na ang proseso ng apela, maaari kang humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado. Kapag nakipag-ugnayan ka sa iyong county, ipahiwatig na nakatanggap ka ng salungat na desisyon sa benepisyo pero wala kang natanggap na paunawa. Ang impormasyon kung paano maghain ng apela o humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado ay kasama sa handbook na ito. Dapat ding available ang impormasyon sa opisina ng iyong provider.

Ano ang Sasabihin sa Akin sa Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo?

Ito ang nakasaad sa Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo:

- Ano ang ginawa ng iyong plano sa kalusugan ng isip na nakakaapekto sa iyo at sa iyong kakayahang makakuha ng mga serbisyo
- Ang petsa na magkakabisa ang desisyon at ang dahilan ng desisyon
- Ang mga tuntunin ng estado o pederal na pinagbatayan ng desisyon
- Ang iyong mga karapatan na maghain ng apela kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng plano sa kalusugan ng isip
- Paano makatanggap ng mga kopya ng mga dokumento, talaan, at iba pang impormasyong nauugnay sa desisyon ng plano sa kalusugan ng isip.
- Paano maghain ng apela kasama ang plano sa kalusugan ng isip
- Paano humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado kung hindi ka nasisiyahan



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

sa desisyon ng plano sa kalusugan ng isip sa iyong apela

- Paano humiling ng pinabilis na apela o isang pinabilis na Patas na Pagdinig ng Estado
- Paano makakuha ng tulong sa paghahain ng apela o paghiling ng Patas na Pagdinig ng Estado
- Gaano katagal bago maghain ng apela o humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado
- Ang iyong karapatan na patuloy na makatanggap ng mga serbisyo habang naghihintay ka para sa desisyon sa apela o Patas na Pagdinig ng Estado, kung paano humiling ng pagpapatuloy ng mga serbisyong ito, at kung ang mga gastos ng mga serbisyong ito ay sasaklawin ng Medi-Cal
- Kailan mo dapat ihain ang iyong kahilingan sa apela o Patas na Pagdinig ng Estado kung gusto mong magpatuloy ang mga serbisyo

Ano ang Dapat Kong Gawin Kapag Nakatanggap Ako ng Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo?

Kapag nakakuha ka ng Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo, dapat mong basahin nang mabuti ang lahat ng impormasyon na nasa paunawa. Kung hindi mo nauunawaan ang paunawa, matutulungan ka ng plano sa kalusugan ng isip. Maaari ka ring humingi ng tulong sa ibang tao.

Maaari kang humiling ng pagpapatuloy ng serbisyo na hindi na ipinagpatuloy kapag nagsumite ka ng apela o kahilingan para sa isang Patas na Pagdinig ng Estado. Dapat mong hilingin ang pagpapatuloy ng mga serbisyo nang hindi lalampas sa 10 araw pagkatapos ng petsa na ang Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo ay namarkahan o personal na ibinigay sa iyo, o bago ang petsa ng bisa ng pagbabago.



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

ANG PROSESO NG PAGLUTAS SA PROBLEMA: PARA MAGHAIN NG KARAINGAN O APELA

Paano Kung Hindi Ko Makukuha ang Mga Serbisyong Gusto Ko Mula sa Aking Plano sa Kalusugan ng Isip?

Ang iyong plano sa kalusugan ng isip ay dapat may proseso para sa iyo para malutas ang isang reklamo o problema tungkol sa anumang isyu na may kaugnayan sa mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip na gusto mo o tinatanggap mo. Ito ay tinatawag na proseso ng paglutat ng problema at maaaring kabilang dito ang:

1. **Ang Proseso ng Paghahain ng Karaingan:** isang pagpapahayag ng kalungkutan tungkol sa anumang bagay tungkol sa iyong espesyalidad na mga serbisyo sa kalusugan ng isip o ang plano sa kalusugan ng isip.
2. **Ang Proseso ng Pag-apela:** ang pagrepaso sa isang desisyon (hal., pagtanggì, pagwawakas, o pagbabawas sa mga serbisyo) na ginawa tungkol sa iyong espesyalidad na mga serbisyo sa kalusugan ng isip ng plano sa kalusugan ng isip o ng iyong provider.
3. **Ang Proseso ng Patas na Pagdinig ng Estado:** ang proseso para humiling ng isang administratibong pagdinig sa harap ng isang hukom ng batas na pang-administratibo ng estado kung tinatanggihan ng plano sa kalusugan ng isip ang iyong apela.

Ang paghahain ng karaingan, apela, o paghiling ng Patas na Pagdinig ng Estado ay hindi mabibilang laban sa iyo at hindi makakaapekto sa mga serbisyong iyong natatanggap. Ang paghahain ng karaingan o apela ay nakakatulong para maibigay sa iyo ang mga serbisyong kailangan mo at para malutas ang anumang problema na mayroon ka sa iyong mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip. Ang mga karaingan at apela ay nakakatulong din sa plano sa kalusugan ng isip sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng impormasyong magagamit nila para mapabuti ang mga serbisyo. Kapag kumpleto na ang iyong karaingan o apela,



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

aabisuhan ka ng iyong plano sa kalusugan ng isip at sa iba pang kasangkot, gaya ng mga provider, ng huling resulta. Kapag napagpasyahan ang iyong Patas na Pagdinig ng Estado, aabisuhan ka ng Tanggapan ng Patas na Pagdinig ng Estado at ang iba pang kasangkot sa huling resulta. Malalaman mo pa ang tungkol sa bawat proseso ng paglutas ng problema sa ibaba.

Maaari ba akong Makakuha ng Tulong Sa Paghahain ng Apela, Karaingan, o Patas na Pagdinig ng Estado?

Ang iyong plano sa kalusugan ng isip ay makakatulong na ipaliwanag ang mga prosesong ito sa iyo at dapat kang tumulong na maghain ng karaingan, apela, o humiling ng isang Patas na Pagdinig ng Estado. Matutulungan ka rin ng plano sa kalusugan ng isip na magpasya kung kwalipikado ka para sa tinatawag na proseso ng "pinabilis na apela," na nangangahulugang mas mabilis itong susuriin dahil nasa panganib ang iyong kalusugan, kalusugan ng isip, at/o katatagan. Maaari mo ring pahintulutan ang ibang tao na kumilos sa ngalan mo, kasama ang iyong espesyalidad na provider ng kalusugan ng isip o tagapagtaguyod.

Kung gusto mo ng tulong, para sa Inpatient o Residential Services, tawagan ang Adbokasya ng Pasyente ng Serbisyo sa Pamilyang Jewish (JFS) ng San Diego sa 619-282-1134 o 1-800-479-2233. Para sa Mga Serbisyo sa Outpatient, tawagan ang Consumer Center for Health Education & Advocacy (CCHEA) sa 1-877-734-3258. Dapat magbigay sa iyo ang iyong plano sa kalusugan ng isip ng makatwirang tulong sa pagkumpleto ng mga form at iba pang hakbang sa pamamaraan na may kaugnayan sa isang karaingan o apela. Kabilang dito, pero hindi limitado, ang pagbibigay ng mga serbisyo ng interpreter at toll-free na numero na may TTY/TDD.



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Matutulungan ba Ako ng Estado sa Aking Problema/Mga Tanong?

Maaari kang makipag-ugnayan sa Department of Health Care Services, Office of the Ombudsman, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. (hindi kasama ang mga pista opisyal), sa pamamagitan ng pagtawag sa **888-452-8609** o pag-email sa MMCDOmbudsmanOffice@dhcs.ca.gov. **Pakitandaan:** Ang mga mensaheng e-mail ay hindi itinuturing na kumpidensyal. Hindi ka dapat magsama ng personal na impormasyon sa isang mensaheng e-mail.

Maaari kang makakuha ng libreng legal na tulong sa iyong lokal na tanggapan ng legal na tulong o iba pang grupo. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa California Department of Social Services (CDSS) para magtanong tungkol sa iyong mga karapatan sa pagdinig sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kanilang Public Inquiry and Response Unit sa pamamagitan ng pagtawag sa **800-952-5253** (para sa TTY, tumawag sa **800-952-8349**).



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

ANG PROSESO NG PAGHAHAIN NG KARAINGAN

Ano ang Isang Karaingan?

Ang karaingan ay isang pagpapahayag ng pagkadismaya tungkol sa anumang bagay tungkol sa iyong mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip na hindi isa sa mga problemang saklaw ng apela at mga proseso ng Patas na Pagdinig ng Estado.

Ano ang Proceso ng Paghahain ng Karaingan?

Ang proseso ng karaingan ay:

- May kasangkot na simple, at madaling maunawaan na mga pamamaraan na nagbibigay-daan sa iyong ipresenta ang iyong hinaing nang pasalita o nakasulat.
- Hindi ibibilang laban sa iyo o sa iyong provider sa anumang paraan.
- Pahihintulutan kang awtorisahan ang ibang tao na kumilos para sa iyo, kabilang ang isang provider o advocate. Kung aawtorisahan mo ang ibang tao na kumilos sa ngalan mo, maaaring hilingin sa iyo ng plano sa kalusugan ng isip na pumirma sa isang form na nagpapahintulot sa plano sa kalusugan ng isip na maglabas ng impormasyon sa taong iyon.
- Siguraduhin na ang mga indibidwal na gumagawa ng mga desisyon ay kwalipikadong gawin ito at hindi kasali sa anumang nakaraang antas ng pagsusuri o paggawa ng desisyon.
- Tukuyin ang mga tungkulin at responsibilidad mo, ng iyong plano sa kalusugan ng isip at ng iyong provider.
- Magbigay ng resolusyon para sa karaingan sa mga kinakailangang takdang panahon.



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Kailan Ako Puwedeng Maghain ng Karaingan?

Maaari kang maghain ng karaingan anumang oras sa plano ng kalusugan ng isip kung hindi ka nasisiyahan sa mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip o may isa pang alalahanin tungkol sa plano sa kalusugan ng isip.

Paano Ako Maghahain ng Karaingan?

Maaari mong tawagan ang iyong plano sa kalusugan ng isip para makakuha ng tulong sa isang karaingan. Ang mga karaingan ay maaaring ihain nang pasalita o nakasulat. Ang mga pasalitang karaingan ay hindi kailangang i-follow up sa pagliham. Kung gusto mong ihain ang iyong karaingan sa pamamagitan ng sulat, ang plano sa kalusugan ng isip ay magbibigay ng mga self-addressed na sobre sa lahat ng site ng provider para i-mail mo ang iyong hinaing. Kung wala kang self-addressed na sobre, maaari mong ipadala ang iyong hinaing nang direkta sa address na ibinigay sa harap ng handbook na ito.

- Para sa Mga Serbisyo sa Inpatient o Residente, tawagan ang JFS Patient Advocacy sa 619-282-1134 o 1-800-479-2233.
- Para sa Mga Serbisyo sa Outpatient, tawagan ang CCHEA sa 1-877-734-3258.

Paano Ko Malalaman Kung Natanggap ng Plano sa Kalusugan ng Isip ang Aking Karaingan?

Ang plano sa kalusugan ng isip ay kailangang ipaalam sa iyo na natanggap nito ang iyong hinaing sa pamamagitan ng pagpapadala sa iyo ng nakasulat na kumpirmasyon sa loob ng 5 araw pagkatapos matanggap. Ang isang karaingan na natanggap sa pamamagitan ng tawag o nang personal, na sasang-ayunan mong maresolba sa pagtatapos ng susunod na araw ng negosyo, ay hindi kasama at maaaring hindi ka makakuha ng liham.



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Kailan Mapagpapasyahan ang Aking Karaingan?

Ang plano sa kalusugan ng isip ay dapat gumawa ng desisyon tungkol sa iyong hinaing sa loob ng 90 araw mula sa petsa na inihain mo ang iyong karaingan. Ang mga timeframe sa paggawa ng desisyon ay maaaring palawigin nang hanggang 14 na araw kung hihilingin mo, o kung naniniwala ang plano sa kalusugan ng isip na may pangangailangan para sa karagdagang impormasyon at na ang pagkaantala ay para sa iyong kapakanan. Ang isang halimbawa ng kung kailan ang pagkaantala ay maaaring para sa iyong kapakanan ay kapag ang plano sa kalusugan ng isip ay naniniwala na maaaring malutas ang iyong hinaing kung mayroon silang kaunting oras para makakuha ng impormasyon mula sa iyo o sa ibang taong kasangkot.

Paano Ko Malalaman Kung Nakagawa ng Desisyon ang Plano sa Kalusugan ng Isip Tungkol sa Aking Karaingan?

Sa oras na makagawa ng desisyon tungkol sa iyong karaingan, ang plano sa kalusugan ng isip ay aabisuhan ka o ang iyong kinatawan tungkol sa desisyon sa pamamagitan ng liham. Kung ang plano sa kalusugan ng isip ay nabigo na ipaalam sa iyo o sa sinumang apektadong partido ang desisyon sa karaingan sa oras, kinakailangan nilang magbigay sa iyo ng Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo na nagpapayo sa iyo ng iyong karapatan na humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado. Ang iyong plano sa kalusugan ng isip ay kinakailangang magbigay sa iyo ng Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo sa petsa na mag-e-expire ang timeframe. Maaari kang tumawag sa plano sa kalusugan ng isip para sa karagdagang impormasyon kung hindi ka nakatanggap ng Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo.

Mayroon bang Deadline Para Maghain ng Karaingan?

Wala, maaari kang maghain ng karaingan anumang oras.



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

ANG PROSESO NG PAG-APELA (PAMANTAYAN AT PINABILIS)

Dapat pahintulutan ka ng iyong plano sa kalusugan ng isip na hamunin ang isang desisyon ng iyong plano sa kalusugan ng isip na hindi mo sinasang-ayunan at humiling ng pagrepaso sa ilang partikular na desisyon na ginawa ng plano sa kalusugan ng isip o ng iyong mga provider tungkol sa iyong mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip. Mayroong dalawang paraan na maaari kang humiling ng pagsusuri. Ang isang paraan ay ang paggamit ng karaniwang proseso ng apela. Ang ibang paraan ay sa pamamagitan ng paggamit ng pinabilis na proseso ng apela. Ang dalawang uri ng apela na ito ay magkatulad; gayunpaman, may mga partikular na kinakailangan para maging kwalipikado para sa isang pinabilis na apela. Ang mga partikular na kinakailangan ay ipinapaliwanag sa ibaba.

Ano ang Karaniwang Apela?

Ang karaniwang apela ay isang kahilingan para sa pagsusuri ng isang desisyon na ginawa ng plano sa kalusugan ng isip o ng iyong provider na nagsasangkot ng pagtanggihan o mga pagbabago sa mga serbisyong sa tingin mo ay kailangan mo. Kung hihiling ka ng karaniwang apela, ang plano sa kalusugan ng isip ay maaaring kailanganin ng hanggang 30 araw para masuri ito. Kung sa tingin mo ay malalagay sa panganib ang iyong kalusugan sa paghihintay ng 30 araw, dapat kang humiling ng “pinabilis na apela.”

Sa karaniwang proseso ng apela:

- Papayagan kang maghain ng apela nang personal, o sa pamamagitan ng pagsulat.
- Titiyaking hindi mabibilang ang paghahain ng apela laban sa iyo o sa iyong provider sa anumang paraan.
- Pahihintulutan kang awtorisahan ang ibang tao na kumilos para sa iyo, kabilang ang isang provider. Kung aawtorisahan mo ang ibang tao na kumilos sa ngalan mo, maaaring hilingin sa iyo ng plano sa kalusugan ng isip na pumirma sa isang



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

form na nagpapahintulot sa plano sa kalusugan ng isip na maglabas ng impormasyon sa taong iyon.

- Ipagpatuloy ang iyong mga benepisyong kapag hiniling para sa isang apela sa loob ng kinakailangang takdang panahon, na 10 araw mula sa petsa na ang iyong Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyong ay naipadala o personal na ibinigay sa iyo. Hindi mo kailangang magbayad para sa mga patuloy na serbisyo habang nakabinbin ang apela. Gayunpaman, kung hihilingin mo ang pagpapatuloy ng benepisyong, at kinukumpirma ng huling desisyon ng apela ang desisyon na bawasan o ihinto ang serbisyonang natatanggap mo, maaaring kailanganin mong bayaran ang halaga ng mga serbisyonang ibinigay habang nakabinbin ang apela.
- Titiyakin na ang mga indibidwal na gumagawa ng desisyon sa iyong apela ay kwalipikadong gawin ito at hindi kasama sa anumang nakaraang antas ng pagsusuri o paggawa ng desisyon.
- Papahintulutan ka o ang iyong kinatawan na suriin ang iyong file ng kaso, kabilang ang iyong medikal na rekord, at anupamang dokumento o talaan na isinasaalang-alang sa panahon ng proseso ng apela.
- Magbibigay sa iyo ng makatwirang pagkakataon na magpakita ng ebidensya at testimonya at mga paratang ng katotohanan o batas, nang personal o nakasulat.
- Papahintulutan ka, ang iyong kinatawan, o ang legal na kinatawan ng ari-arian ng namatay na benepisyaryo na maisama bilang mga partido sa apela.
- Ipapaalam sa iyo na ang iyong apela ay sinusuri sa pamamagitan ng pagpapadala sa iyo ng nakasulat na kumpirmasyon.
- Ipapaalam sa iyo ang iyong karapatan na humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado, kasunod ng pagkumpleto ng proseso ng apela sa plano sa kalusugan ng isip.

Kailan Ako Puwedeng Maghain ng Apela?



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Maaari kang maghain ng apela sa iyong plano sa kalusugan ng isip sa alinman sa mga sumusunod na sitwasyon:

- Kung ang plano sa kalusugan ng isip o isa sa mga provider na kinontrata ay nagpasya na hindi ka kuwalipikadong tumanggap ng anumang espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip dahil hindi mo natutugunan ang pamantayan sa pagkakwalipikado.
- Sa tingin ng iyong provider ay kailangan mo ng isang espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip at humihingi ng pag-apruba sa plano sa kalusugan ng isip, pero hindi sumasang-ayon ang plano sa kalusugan ng isip at tinatanggihan ang kahilingan ng iyong provider o binago ang uri o dalas ng serbisyo.
- Ang iyong provider ay humingi ng pag-apruba sa plano sa kalusugan ng isip, pero kailangan ng plano sa kalusugan ng isip ng karagdagang impormasyon para makagawa ng desisyon at hindi makumpleto ang proseso ng pag-apruba sa takdang oras.
- Ang iyong plano sa kalusugan ng isip ay hindi nagbibigay ng mga serbisyo sa iyo batay sa mga timeline na itinakda ng plano sa kalusugan ng isip.
- Sa tingin mo ay hindi mabilis na naibibigay ng plano sa kalusugan ng isip ang mga serbisyo para matugunan ang iyong mga pangangailangan.
- Ang iyong hinaing, apela, o pinabilis na apela ay hindi nalutas sa tamang oras.
- Ikaw at ang iyong provider ay hindi magkasundo sa mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip na kailangan mo.

Paano Ako Maghahain ng Apela?

Maaari mong tawagan ang iyong plano sa kalusugan ng isip para makakuha ng tulong sa pagsagot sa isang apela. Magbibigay ang plano sa kalusugan ng isip ng mga self-addressed na sobre sa lahat ng site ng provider para ipadala mo sa koreo ang iyong apela. Kung wala kang self-addressed na sobre, maaari mong ipadala ang iyong apela nang direkta sa address sa harap ng handbook na ito o ang mga apela ay maaaring ihain nang pasalita o nakasulat.



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Para sa tulong sa paghain tungkol sa Mga Serbisyo sa Inpatient o Residente, maaari mong tawagan ang Programa ng Adbokasiya ng Pasyente ng Jewish Family Service (JFS) sa 619-282-1134 o 1-800-479-2233.

Para sa tulong sa paghain tungkol sa Mga Serbisyo sa Outpatient, maaari kang tumawag sa Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA) sa kanilang toll-free na numero sa (877) 734-3258.

Paano Ko Malalaman Kung Napagpasyahan na ang Aking Apela?

Ang iyong plano sa kalusugan ng isip ay aabisuhan ka o ang iyong kinatawan nang nakasulat tungkol sa kanilang desisyon para sa iyong apela. Ang paunawa ay mayroon ng sumusunod na impormasyon:

- Ang mga resulta ng proseso ng paglutas ng apela
- Ang petsa kung kailan ginawa ang desisyon sa apela
- Kung ang apela ay hindi ganap na nalutas sa iyong pabor, ang paunawa ay maglalaman din ng impormasyon tungkol sa iyong karapatan sa isang Patas na Pagdinig ng Estado at ang pamamaraan para sa paghahain ng isang Patas na Pagdinig ng Estado

Mayroon Bang Deadline Para Maghain ng Apela?

Dapat kang maghain ng apela sa loob ng 60 araw mula sa petsa sa Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo. Walang deadline para sa paghahain ng apela kapag hindi ka nakatanggap ng Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo, kaya maaari kang maghain ng ganitong uri ng apela anumang oras.



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Kailan Lalabas ang Desisyon Tungkol sa Aking Apela?

Ang plano sa kalusugan ng isip ay dapat magpasya sa iyong apela sa loob ng 30 araw sa kalendaryo mula nang matanggap ng plano sa kalusugan ng isip ang iyong kahilingan para sa apela. Ang mga timeframe para sa paggawa ng desisyon ay maaaring pahabain nang hanggang 14 na araw sa kalendaryo kung humiling ka ng extension, o kung naniniwala ang plano sa kalusugan ng isip na may pangangailangan para sa karagdagang impormasyon at na ang pagkaantala ay para sa iyong kapakinabangan. Ang isang halimbawa ng kapag ang pagkaantala ay para sa iyong benepisyo ay kapag ang plano sa kalusugan ng isip ay naniniwala na maaari nitong aprubahan ang iyong apela kung mayroon itong mas maraming oras para makakuha ng impormasyon mula sa iyo o sa iyong provider.

Paano Kung Hindi Ako Makapaghintay ng 30 Araw Para sa Aking Desisyon sa Apela?

Maaaring mas mabilis ang proseso ng apela kung kwalipikado ito para sa pinabilis na proseso ng apela.

Ano ang Isang Pinabilis na Apela?

Ang pinabilis na apela ay isang mas mabilis na paraan para magpasya sa isang apela. Ang pinabilis na proseso ng apela ay sumusunod sa isang katulad na proseso sa karaniwang proseso ng apela. Gayunpaman, dapat mong ipakita na ang paghihintay para sa isang karaniwang apela ay maaaring magpalala sa kondisyon ng iyong kalusugan ng isip. Ang pinabilis na proseso ng apela ay sumusunod din sa iba't ibang deadline kaysa sa karaniwang apela. Ang plano sa kalusugan ng isip ay may 72 oras para suriin ang mga pinabilis na apela. Maaari kang gumawa ng pasalitang kahilingan para sa isang pinabilis na apela. Hindi mo kailangang isulat ang iyong pinabilis na kahilingan sa apela.



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Kailan Ako Puwedeng Maghain ng Pinabilis na Apela?

Kung sa tingin mo na ang paghihintay ng hanggang 30 araw para sa isang karaniwang desisyon sa apela ay malalagay sa alanganin ang iyong buhay, kalusugan o kakayahang kumilos, mapanatili o mabawi ang pinakamaayos na lagay, maaari kang humiling ng pinabilis na paglutas ng isang apela. Kung sumang-ayon ang plano sa kalusugan ng isip na ang iyong apela ay nakakatugon sa mga kinakailangan para sa isang pinabilis na apela, ang iyong plano sa kalusugan ng isip ay lulutasin ang iyong pinabilis na apela sa loob ng 72 oras pagkatapos matanggap ng plano sa kalusugan ng isip ang apela. Ang mga timeframe sa paggawa ng desisyon ay maaaring palawigin nang hanggang 14 na araw kung hihilingin mo, o kung naniniwala ang plano sa kalusugan ng isip na may pangangailangan para sa karagdagang impormasyon at na ang pagkaantala ay para sa iyong kapakanan.

Kung pahahabain ng iyong plano sa kalusugan ng isip ang mga takdang panahon, ang plano sa kalusugan ng isip ay magbibigay sa iyo ng nakasulat na paliwanag kung bakit pinalawig ang mga takdang panahon. Kung ang plano sa kalusugan ng isip ay nagpasya na ang iyong apela ay hindi kwalipikado para sa isang pinabilis na apela, ang plano sa kalusugan ng isip ay dapat gumawa ng mga makatwirang pagsisikap na mabigyan ka ng mabilis na paunawa at aabisuhan ka sa sulat sa loob ng dalawang araw sa kalendaryo na nagbibigay sa iyo ng dahilan para sa desisyon. Susundan ng iyong apela ang mga karaniwang timeframe ng apela na nakabalangkas sa unang bahagi sa seksyong ito. Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng plano sa kalusugan ng isip na ang iyong apela ay hindi nakakatugon sa pinabilis na pamantayan ng apela, maaari kang maghain ng karaingan.

Kapag nalutas na ng iyong plano sa kalusugan ng isip ang iyong kahilingan para sa isang pinabilis na apela, aabisuhan ka ng plano sa kalusugan ng isip at lahat ng apektadong partido nang pasalita at nakasulat.



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

ANG PROSESO NG PATAS NA PAGDINIG NG ESTADO

Ano ang Patas na Pagdinig ng Estado?

Ang Patas na Pagdinig ng Estado ay isang independiyenteng pagsusuri na isinasagawa ng hukom ng administratibong batas na nagtatrabaho para sa Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California para matiyak na natatanggap mo ang mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip kung saan ikaw ay may karapatan sa ilalim ng programang Medi-Cal. Maaari mo ring bisitahin ang Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California sa <https://www.cdss.ca.gov/hearing-requests> para sa mga karagdagang mapagkukunan ng impormasyon.

Ano ang Aking Mga Karapatan sa Patas na Pagdinig ng Estado?

May karapatan kang:

- Magkaroon ng pagdinig sa harap ng administratibong hukom ng batas (tinatawag ding Pagdinig ng Estado)
- Sabihan tungkol sa kung paano humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado
- Masabihan tungkol sa mga patakaran na namamahala sa representasyon sa Patas na Pagdinig ng Estado
- Ipagpatuloy ang iyong mga benepisyo sa iyong kahilingan sa panahon ng proseso ng Patas na Pagdinig ng Estado kung humiling ka ng Patas na Pagdinig ng Estado sa loob ng mga kinakailangang takdang panahon

Kailan Ako Maaaring Maghain Para sa Patas na Pagdinig ng Estado?

Maaari kang maghain para sa isang Patas na Pagdinig ng Estado sa alinman sa mga sumusunod na sitwasyon:

- Naghain ka ng apela at nakatanggap ng liham ng resolusyon ng apela na nagsasabi sa iyo na tinatanggihan ng iyong plano sa kalusugan ng isip ang iyong



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

kahilingan sa apela.

- Ang iyong hinaing, apela, o pinabilis na apela ay hindi nalutas sa tamang oras.

Paano Ako Hihiling ng Patas na Pagdinig ng Estado?

Maaari kang humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado:

- Online sa: <https://acms.dss.ca.gov/acms/login.request.do>
- Sa Pamamagitan ng Pagsulat: Isumite ang iyong kahilingan sa departamento ng welfare ng county sa address na makikita sa Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisy, o ipadala ito sa:

California Department of Social Services
State Hearings Division
P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37
Sacramento, CA 94244-2430

O sa pamamagitan ng pag-fax sa: **916-651-5210** o **916-651-2789**.

Maaari ka ring humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado o isang pinabilis na Patas na Pagdinig ng Estado:

- Sa pamamagitan ng pagtawag: Tawagan ang State Hearings Division, nang toll-free, sa **800-743-8525** or **855-795-0634**, o tawagan ang linya ng Public Inquiry and Response, nang toll-free, sa **800-952-5253** or TDD at **800-952-8349**.

Mayroon Bang Deadline Para Humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado?

Oo, mayroon ka lang 120 araw para humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado.

Magsisimula ang 120 araw mula sa petsa ng nakasulat na paunawa sa desisyon ng apela ng plano sa kalusugan ng isip.

Kung hindi ka nakatanggap ng Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisy,



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

maaari kang maghain para sa Patas na Pagdinig ng Estado anumang oras.

Maaari Ko Bang Ipagpatuloy ang Mga Serbisyo Habang Naghihintay Ako para sa Isang Desisyon ng Patas na Pagdinig ng Estado?

Kung kasalukuyan kang tumatanggap ng mga awtorisadong serbisyo at gusto mong ipagpatuloy ang pagtanggap ng mga serbisyo habang hinihintay mo ang desisyon ng Patas na Pagdinig ng Estado, dapat kang humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw mula sa petsa ng pagtanggap ng Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo, o bago ang petsa na sinabi ng iyong plano sa kalusugan ng isip na ititigil o mababawasan ang mga serbisyo. Kapag humiling ka ng Patas na Pagdinig ng Estado, dapat mong sabihin na gusto mong patuloy na makakuha ng mga serbisyo sa panahon ng proseso ng Patas na Pagdinig ng Estado.

Kung hihilingin mo ang pagpapatuloy ng mga serbisyo, at kinukumpirma ng pinal na desisyon ng Patas na Pagdinig ng Estado ang desisyon na bawasan o ihinto ang serbisyong natatanggap mo, maaaring kailanganin mong bayaran ang halaga ng mga serbisyong ibinigay habang nakabinbin ang Patas na Pagdinig ng Estado.

Kailan Gagawin ang Isang Desisyon Tungkol sa Aking Patas na Pagdinig ng Estado?

Pagkatapos mong humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado, maaaring abutin nang hanggang 90 araw para mapagpasyahan ang iyong kaso at magpadala sa iyo ng sagot.

Maaari Ba Akong Makakuha ng Patas na Pagdinig ng Estado nang Mas Mabilis?

Kung sa tingin mo ay makakasama sa iyong kalusugan ang paghihintay ng ganoon katagal, maaari kang makakuha ng sagot sa loob ng tatlong araw ng trabaho. Hilingin sa iyong general practitioner o propesyonal sa kalusugan ng isip na magsulat ng liham



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

para sa iyo. Maaari ka ring sumulat ng isang liham sa iyong sarili. Dapat na ipaliwanag nang detalyado sa liham kung paanong ang paghihintay nang hanggang 90 araw para mapagpasyahan ang iyong kaso ay seryosong makakasama sa iyong buhay, sa iyong kalusugan, o sa iyong kakayahang makapamuhay, mapanatili, o mabawi ang pinakamabuting lagay. Pagkatapos, tiyaking hihiling ka ng "pinabilis na pagdinig" at ibigay ang liham kasama ang iyong kahilingan para sa isang pagdinig.

Susuriin ng Department of Social Services, State Hearings Division, ang iyong kahilingan para sa isang pinabilis na Patas na Pagdinig ng Estado at pagpapasyahan kung magkakwalipika ito. Kung ang iyong kahilingan sa pinabilis na pagdinig ay naaprubahan, isang pagdinig ang gaganapin at isang desisyon sa pagdinig ang ibibigay sa loob ng tatlong araw ng trabaho mula sa petsa na ang iyong kahilingan ay natanggap ng State Hearings Division.



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

PAUNANG DIREKTIBA

Ano ang Paunang Direktiba?

May karapatan kang magkaroon ng paunang direktiba. Ang paunang direktiba ay nakasulat na tagubilin tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan na kinikilala sa ilalim ng batas ng California. Kabilang dito ang impormasyon na nagsasaad kung paano mo gustong ibigay ang pangangalagang pangkalusugan o nagsasabi kung anong mga desisyon ang gusto mong gawin, kung o kapag hindi mo magawang magsalita para sa iyong sarili. Maaari mong marinig kung minsan ang isang paunang direktiba na inilarawan bilang isang living will o durable power of attorney.

Tinutukoy ng batas ng California ang isang paunang direktiba bilang alinman sa isang pasalita o nakasulat na tagubilin sa pangangalaga sa kalusugan ng indibidwal o isang kapangyarihan ng abugado (isang nakasulat na dokumento na nagbibigay ng pahintulot sa isang tao na gumawa ng mga desisyon para sa iyo). Ang lahat ng plano sa kalusugan ng isip ay kinakailangang magpatupad ng mga paunang direktiba. Ang iyong plano sa kalusugan ng isip ay kinakailangang magbigay ng nakasulat na impormasyon sa mga patakaran sa paunang direktiba ng plano sa kalusugan ng isip at isang paliwanag ng batas ng estado, kung hihilingin ang impormasyon. Kung gusto mong hilingin ang impormasyon, dapat mong tawagan ang iyong plano sa kalusugan ng isip para sa karagdagang impormasyon.

Ang isang paunang direktiba ay binuo para payagan ang mga tao na magkaroon ng kontrol sa kanilang sariling paggamot, lalo na kapag hindi sila makapagbigay ng mga tagubilin tungkol sa kanilang sariling pangangalaga. Ito ay isang legal na dokumento na nagpapahintulot sa mga tao na sabihin, nang maaga, kung ano ang kanilang mga naisin kung hindi sila makakagawa ng mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan. Maaaring kabilang dito ang mga bagay tulad ng karapatang tanggapin o tanggihan ang medikal na paggamot, operasyon, o gumawa ng iba pang pagpipilian



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

sa pangangalagang pangkalusugan. Sa California, ang isang paunang direktiba ay binubuo ng dalawang bahagi:

- Ang iyong appointment sa isang ahente (isang tao) na gumagawa ng mga desisyon tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan; at
- Ang iyong indibidwal na mga tagubilin sa pangangalagang pangkalusugan

Maaari kang makakuha ng isang form para sa isang paunang direktiba mula sa iyong plano sa kalusugan ng isip o online. Sa California, may karapatan kang magbigay ng mga paunang direktiba sa lahat ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan. May karapatan ka ring baguhin o kanselahin ang iyong paunang direktiba anumang oras.

Kung mayroon kang tanong tungkol sa batas ng California tungkol sa mga kinakailangan sa paunang direktiba, maaari kang magpadala ng liham sa:

California Department of Justice
Attn: Public Inquiry Unit,
P. O. Box 944255
Sacramento, CA 94244-2550



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

MGA KARAPATAN AT RESPONSABILIDAD NG BENEPISYARYO

Ano ang Aking Mga Karapatan bilang Tumatanggap ng Espesyal na Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip?

Bilang isang taong karapat-dapat para sa Medi-Cal, may karapatan kang tumanggap ng medikal na kinakailangang espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip mula sa plano sa kalusugan ng isip. Kapag ina-access ang mga serbisyong ito, may karapatan kang:

- Tratuhan nang may personal na paggalang at paggalang sa iyong dignidad at privacy.
- Tumanggap ng impormasyon sa mga magagamit na pagpipilian sa paggamot at ipapaliwanag ang mga ito sa paraang mauunawaan mo.
- Makilahok sa mga desisyon tungkol sa iyong pangangalaga sa kalusugan ng isip, kabilang ang karapatang tumanggi sa paggamot.
- Maging malaya sa anumang anyo ng pagpigil o pag-iisa na ginagamit bilang isang paraan ng pamimilit, disiplina, kaghinhawahan, parusa, o paghihiganti tungkol sa paggamit ng mga pagpigil at pag-iisa.
- Humingi at kumuha ng kopya ng iyong mga medikal na rekord, at hilingin na baguhin o itama ang mga ito, kung kinakailangan.
- Tanggapin ang impormasyon sa handbook na ito tungkol sa mga serbisyong saklaw ng plano sa kalusugan ng isip, iba pang obligasyon ng plano sa kalusugan ng isip, at ang iyong mga karapatan gaya ng inilarawan dito.
- Tumanggap ng mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip mula sa isang plano sa kalusugan ng isip na sumusunod sa kontrata nito sa estado para sa pagkakaroon ng mga serbisyo, mga kasiguruhan ng sapat na kapasidad at mga serbisyo, koordinasyon at pagpapatuloy ng pangangalaga, at saklaw at awtorisasyon ng mga serbisyo. Ang plano sa kalusugan ng isip ay kinakailangan para:
 - Kumuha o magkaroon ng nakasulat na mga kontrata sa sapat na mga provider para matiyak na ang lahat ng karapat-dapat na benepisyaryo ng



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Medi-Cal na kwalipikado para sa mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip ay matatanggap ang mga ito sa isang napapanahong paraan.

- Saklawin ang mga serbisyong medikal na kinakailangan sa labas ng network para sa iyo sa isang napapanahong paraan, kung ang plano sa kalusugan ng isip ay walang empleyado o contract provider na maaaring maghatid ng mga serbisyo. Ang ibig sabihin ng “provider na wala sa network” ay isang provider na wala sa listahan ng mga provider ng plano sa kalusugan ng isip. Sa kasong ito, dapat tiyakin ng plano sa kalusugan ng isip na hindi ka magbabayad ng anumang dagdag para sa pagpapatingin sa isang provider na wala sa network.
- Tiyaking sinanay ang mga provider na maghatid ng mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip na sinasang-ayunan ng mga provider na saklawin.
- Siguraduhin na ang mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip na sinasaklaw ng plano sa kalusugan ng isip ay sapat sa halaga, haba ng panahon, at saklaw para matugunan ang mga pangangailangan ng mga kwalipikadong benepisyaryo ng Medi-Cal. Kabilang dito ang pagtiyak na ang sistema ng plano sa kalusugan ng isip para sa pag-apruba ng pagbabayad para sa mga serbisyo ay batay sa medikal na pangangailangan at tinitiyak na ang pamantayan sa pag-access ay ginagamit nang patas.
- Siguraduhin na ang mga provider nito ay gumagawa ng sapat na assessment sa mga taong maaaring makatanggap ng mga serbisyo at na sila ay nakikipagtulungan sa mga taong tatanggap ng mga serbisyo para bumuo ng mga layunin para sa paggamot at mga serbisyong ibibigay.
- Magbigay ng pangalawang opinyon mula sa isang kwalipikadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan sa loob ng network ng plano sa kalusugan ng isip, o isa sa labas ng network, nang wala kang karagdagang gagastusin kung hihilingin mo ito.
- I-coordinate ang mga serbisyong ibinibigay nito sa mga serbisyong



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

ibinibigay sa iyo sa pamamagitan ng isang plano sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal o sa iyong provider ng pangunahing pangangalaga, kung kinakailangan, at tiyaking protektado ang iyong privacy gaya ng tinukoy sa mga pederal na panuntunan sa privacy ng impormasyong pangkalusugan.

- Magbigay ng napapanahong access sa pangangalaga, kabilang ang paggawang available ng mga serbisyo nang 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo, kapag medikal na kinakailangan para gamutin ang isang emergency na psychiatric na kondisyon o isang agaran o krisis na kondisyon.
- Makilahok sa mga pagsisikap ng estado na hikayatin ang paghahatid ng mga serbisyo sa paraang may kakayahang pangkultura sa lahat ng tao, kabilang ang mga may limitadong kasanayan sa Ingles at iba't ibang kultura at etnikong pinagmulan.
- Dapat tiyakin ng iyong plano sa kalusugan ng isip na ang iyong paggamot ay hindi mababago sa isang nakakapinsalang paraan bilang resulta ng iyong pagpapahayag ng iyong mga karapatan. Ang iyong plano sa kalusugan ng isip ay kinakailangang sumunod sa mga naaangkop na batas ng pederal at estado (tulad ng: Pamagat VI ng Civil Rights Act of 1964 ayon sa ipinapatupad ng mga regulasyon sa 45 CFR part 80; ang Age Discrimination Act of 1975 ayon sa ipinapatupad ng mga regulasyon sa 45 CFR part 91; ang Rehabilitation Act of 1973; Title IX ng Education Amendments of 1972 (tungkol sa mga programa at aktibidad sa edukasyon); Mga Pamagat II at III ng Americans with Disabilities Act); Seksyon 1557 ng Patient Protection and Affordable Care Act; gayundin ang mga karapatang inilarawan dito.
- Maaari kang magkaroon ng karagdagang mga karapatan sa ilalim ng mga batas ng estado tungkol sa paggamot sa kalusugan ng isip. Kung gusto mong makipag-ugnayan sa Tagapagtaguyod ng Mga Karapatan ng Pasyente ng iyong county, magagawa mo ito sa pamamagitan ng:
 - Para sa Mga Serbisyo sa Inpatient o Residente, tawagan ang JFS Patient



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Advocacy sa 619-282-1134 o 1-800-479-2233.

- Para sa Mga Serbisyo sa Outpatient, tawagan ang CCHEA sa 1-877-734-3258.

Ano ang Aking Mga Responsibilidad bilang Tatanggap ng Espesyal na Serbisyo sa Kalusugan ng Isip?

Bilang isang tatanggap ng espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip, responsibilidad mong:

- Maingat na basahin ang handbook ng benepisyaryo na ito at iba pang mahahalagang materyales ng impormasyon mula sa plano sa kalusugan ng isip. Tutulungan ka ng mga materyal na ito na maunawaan kung aling mga serbisyo ang magagamit at kung paano makakuha ng paggamot kung kailangan mo ito.
- Dumalo sa iyong paggamot ayon sa iskedyul. Makukuha mo ang pinakamagandang resulta kung makikipagtulungan ka sa iyong provider para bumuo ng mga layunin para sa iyong paggamot at sundin ang mga layuning iyon. Kung kailangan mong kaligtaan ang isang appointment, tawagan ang iyong provider nang hindi bababa sa 24 na oras bago ang appointment at mag-reschedule para sa ibang araw at oras.
- Palaging dalhin ang iyong Card ng Pagkakakilanlan ng Mga Benepisyaryo (Benefits Identification Card, BIC) ng Medi-Cal at isang photo ID kapag dumalo ka sa paggamot.
- Ipaalam sa iyong provider kung kailangan mo ng oral interpreter bago ang iyong appointment.
- Sabihin sa iyong provider ang lahat ng iyong medikal na alalahanin. Kapag mas kumpletong impormasyon ang ibabahagi mo tungkol sa iyong mga pangangailangan, mas magiging matagumpay ang iyong paggamot.
- Siguraduhing tanungin ang iyong provider ng anumang tanong na mayroon ka. Napakahalaga na lubos mong maunawaan ang impormasyong natatanggap mo sa panahon ng paggamot.



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

- Sundin ang mga nakaplanong hakbang sa pagkilos na napagkasunduan mo at ng iyong provider.
- Makipag-ugnayan sa plano sa kalusugan ng isip kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa iyong mga serbisyo o kung mayroon kang anumang problema sa iyong provider na hindi mo kayang lutasin.
- Sabihin sa iyong provider at sa plano sa kalusugan ng isip kung mayroong anumang pagbabago sa iyong personal na impormasyon. Kabilang dito ang iyong address, numero ng telepono, at anumang impormasyong medikal na maaaring makaapekto sa iyong kakayahang lumahok sa paggamot.
- Tratuhan nang may paggalang at ang mga tauhan na nagbibigay ng iyong paggamot.
- Kung pinaghihinalaan mo ang pandaraya o maling gawain, iulat ito:
 - Hinihiling ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan sa sinumang naghihinala sa pandaraya, pag-aaksaya, o pang-aabuso ng Medi-Cal na tawagan ang DHCS Medi-Cal Fraud Hotline sa **1-800-822-6222**. Kung sa tingin mo ay isa itong emergency, mangyaring tumawag sa **911** para sa agarang tulong. Libre ang tawag, at ang tumatawag ay maaaring manatiling anonymous.
 - Maaari ka ring mag-ulat ng pinaghihinalaang panloloko o pang-aabuso sa pamamagitan ng e-mail sa fraud@dhcs.ca.gov o gamitin ang online form sa <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/StopMedi-CalFraud.aspx>.



Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (Access and Crisis Line, ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711) o pumunta online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang MHP 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.